

1

Napasimangot si Liezel nang harangin siya ng isa sa mga guwardiya ng *De Calibre Mansion*. Iyon ang eccentric mansion ng kanyang kanunu-nunuang si Lolo Roman na nasa liblib na bahagi ng Bicol.

“Hindi mo ba ako kilala?” Kunot-noong umibis siya mula sa kanyang pulang *Ferrari*. Sumandal siya roon at nakahalukipkip na binistahan ang guwardiyang humarang sa kanya. She arched a brow, making the man flinch.

“Eh, Ma’am, sorry po. Bago lang po kasi ako dito. At saka sabi po ni Señora Aurora, bawal daw po ang kotse dito,” magalang na sagot ng pobreng guwardiya.

“Kelan pa naging bawal ang magara kong kotse sa antigong lugar na ito?” she irately hissed.

Naglakad siya palapit sa booth na kinaroroonan ng isa pang kasama nito at taas-noong pumasok roon. Hindi siya bumili ng mamahaling pulang *Ferrari* para sa wala. Paano na ang grand entrance niya sa mansion? Gusto pa naman niyang makita ang pag-usok ng tainga ng kanyang abuela.

“Tawagan mo si Lola Auring, sabihin mong gusto ko siyang makausap dahil galit na galit na ako. At kung hindi ko rin lang maipapasok ang kotse ko ay uuwi na ako ngayon din!” Kung hindi pa niya binayo ang mesa nito ay baka hindi pa ito kumilos upang sundin ang utos niya.

She flipped her flashy red hair. The thought of it made her smile. Ang red hair niyang iyon ang magpapaalis sa kanya sa lugar na iyon.

Humanda ka sa red hair ko, Lola, lalong-lalo na sa bloody red dresses ko. She grinned.

“A-ayaw niya raw po kayong kausapin. Kung gusto n’yo raw po talaga siyang makausap ay iwan n’yo ang kotse n’yo rito at puntahan n’yo raw po siya sa first mansion.”

“At ano? Maglalakad ako papunta doon? Nasisiraan na ba si Lola? How am I supposed to walk in my red stilettos? This is crazy!” Napapadyak siya sa sobrang inis.

“Kung hindi raw po kayo susunod ay uutusan niya ang lahat ng airport dito sa Bicol na i-ban kayo at ipapakansela niya rin daw po ang mga credit cards n’yo.”

Literal na umawang ang kanyang mga labi sa

narinig.

“Eh, paano nga ako makakarating doon kung ganitong nakasuot ako ng mataas na takong at alam kong fifty-minute-drive ang layo ng mansion na iyon mula dito? Drive!” diin niya. “Naiintindihan mo ba iyon? Drive at hindi walk!” Muli niyang binayo ang table nito sa sobrang inis. Napaka-unfair talaga ng lola niya kahit kailan!

“M-may uutusan daw po siyang susundo sa inyo.” Inilahad nito ang palad sa kanya.

She glared at him. Nakita niya kung paano nahindik ang pobreng guwardiya. Nanggigigil na inilagay niya sa nakabukas nitong kamay ang susi ng pinakamamahal na kotse.

“Ingatan mo si *Rendezvous*, mas mahal ko pa ’yan kesa sa pulang kuko ko sa paa,” aniya bago padaskol na tinabig ang isa pang guwardiyang nagtangkang umalalay sa kanya palabas. Pagbabayaran ng Lola Auring niya ang ginawa nito sa kanya.

“Antayin n’yo raw po ang sundo n’yo sa puno ng mangga,” pahabol pa ng isa sa mga guwardiya.

Ang punong iyon ang nagsisilbing palatandaan na ang susunod na maaapakan ng sinumang papasok ay pag-aari ng mga De Calibre. Damned if she would

let her lola control her life again! Inis na nilagpasan niya ang puno.

Hindi pa man siya nakakalayo sa puno ng mangga ay naramdaman na niya ang pagsigid ng sakit ng mga paa niya. Halos sampung puno pa lang ang kanyang nalalakad. Nanghahaba ang ngusong tumigil siya at naupo sa makapal na damuhan doon. Pagkuwa'y maingat na tinanggal niya ang kanyang pulang sapatos.

She stared at the vast land around her. *De Calibre Mansions* was not a just any place. It resembled heaven. After walking in what seemed to be like an endless woodland, a very eccentric gate would be seen. Nakatayo sa gilid niyon ang rebulto ng kanyang Lolo Roman, with his arms wide open, na tila nagwelcome sa bawat bisitang papasok.

May tatlong mansion sa loob niyon. Ang una ay ang *Mansion de Uno* o *First Mansion* na matatagpuan sa pagpasok. Napalilibutan iyon ng isang malawak na rancho. Thoroughbred horses roamed that parcel of land. Their family raised and sold horses. Iyon ang unang pag-ibig ng kanyang Lolo Roman. He loved horses. Sabi nga ng ama niyang si Shan, ang *De Calibre Ranch* ay paraiso ng mga kabayo.

Sa *Mansion de Dos* naroon ang man-made lagoon.

Ipinagawa iyon ng kanyang Lolo Isidro, her Lolo Roman's great grandson. Isa itong pintor na in love sa kalikasan. Naging inspirasyon nito ang Mother Nature sa bawat obrang nilikha nito.

Ang *Mansion de Tres* o *Third Mansion* ay ipinatayo ng kanyang Lolo Andres, her Lolo Isidro's great grandson. Pero sa pagkakaalam niya ay wala pa sa henerasyong inabutan niya ang nakakarating sa misteryosong lugar na iyon ni isa. Tanging ang Lolo Andres lang niya at ang asawa nito ang nakakita niyon.

Ang tatlong malalaking mansion ay nakaayos na parang tatsulok. Magkakapareho ang layo sa isa't isa. Mayroon ding *Center Mansion* o *Glass Walled Mansion* na nagsisilbing den ng mga De Calibre. Ang lugar na iyon ang nag-iisang *sanctuario* ng bawat De Calibre. It was everybody's haven. Nasa gitna iyon ng malaking tatsulok.

It was a greenhouse filled with prominent and rare flowers. Naging tradisyon nang doon ganapin ang kasal ng bawat De Calibre.

Kasal. Ang salitang iyon ang nagpatigil sa pagpapantasya niya. Muli niyang naalala ang dahilan kung bakit siya nasa lugar na iyon ngayon. She groaned.

Bitbit ang kanyang stilettos ay magiting siyang umalis sa pagkakaupo. Flipping her long and furiously red hair, she thoughtlessly strode through the still forest. Sa hitsura niya ngayon, tiyak na kahit ang fox na nagtangkang lamutakin si *Little Red Riding Hood* ay mabibighani. Napangisi siya. Hanggang sa magitla nang may umalingawngaw na putok ng baril kasunod ang mabilis at sunud-sunod na mga yabag ng kabayo palapit sa kinaroroonan niya.

Awtomatiko siyang napatigil sa paglalakad at tila namamalikmatang napamulagat sa bagong dating. Pinabagal nito ang takbo ng kanina lang ay nagngangalit na kabayong sinasakyan nito. Limang dipa mula sa kanya ay matikas na bumaba ang tila demigod na nagpatulala sa kanya.

With his sun-kissed skin, towering height, fiery brown eyes, tempting pouty lips, and sexy cleft chin, talagang napanganga siya. Sino siya para hindi matuksong pagnasaan ang biyaya ng Diyos na kagaya nito?

Babae lang siya, lumalandi rin.

Ngunit simbilis ng tahip ng dibdib niya ay bigla ring nawala ang kilig para sa bagong dating. Paanong hindi ay bigla nitong ikinasa ang baril na dala?

Natilihan siya. Napalunok. Dinig na dinig niya

ang napakalakas na pagtibok ng kanyang puso. Pakiramdam niya ay bigla siyang pumasok sa isang saradong drum. Bigla siyang pinangapusan ng hangin. Hindi rin siya makagalaw!

Hindi! Kailangan kong tumakbo!

“S-sino ka?” umaatras na usisa niya. Sa halip na sumagot ay marahan itong naglakad palapit sa kanya. “H-hoy! Diyan ka lang! H-huwag kang lalapit!” sigaw niya.

“Huwag kang kumilos. Stay there kung ayaw mong mapahamak,” anito sa matalim na tinig.

Wow! Sosyal. Ingleserong killer?

Para siyang ipinaghele sa swabeng boses nito.

Anak ng... mulagat niya sa sarili. Talagang nakukuha pa niyang mag-imagine?

“T-teka lang, Mister, alam kong maganda ako at ubod ng sexy. Pero kung re-rape-in mo ako, puwede bang ipagpaliban mo muna? Ibibigay ko lang ang virginity ko sa ultimate crush ko.”

Muli siyang napaatras nang hindi pa rin ito tumigil sa paglapit sa kanya. Napaangat na rin ang dalawang palad niya na tila naghahanda na sa pagtulak dito. Iiginalaw-galaw niya ang mga kamay

na tila nagbabato ng magic spell.

Madala ka sa kakornihan ko! Wushing!

“I told you not to move!” Saglit lang ang amusement na dumaaan sa mga mata nito. Dahan-dahan nitong iniumang ang dalang baril sa kanya.

“H-hoy! OA ka masyado, ha, Mamang Guwapo. Wag mo naman akong takutin ng ganito. Sayang ang genes ko.” Tuluyan na niyang niyakap ang sarili.

“Just shut up, will you?” asik nito. Tila slow motion itong naglakad palapit sa kanya.

Rapist na rapist ang dating! Bakit ba ganoon ito makatitig? Parang gusto siyang dalhin sa heaven?

Ay, kamote! Ngayon pa naglandi ang topak niyang utak. Mamamatay ka na nga’t lahat, Liezel!

Napalunok na lamang siya bago napapikit. Hihintayin na lang niya ang kanyang kapalaran. Kung gagahasain man siya ng nilalang na ito, look at the brighter side na lang ‘ika nga ng iba. Guwapo ito at mukhang mabango. I-e-enjoy na lang niya iyong moment.

Toinks!

Kailan pa naging exciting ang ma-rape?

Ngayon lang, kasi ang guwapo ng rapist ko.

Napangiwi siya. Umaatake na naman ang kabaliwan niya.

“Luhod,” utos nito.

Marahas na napamulagat siya. Nakakadiri naman ang style nito sa panggagahasa. Ano siya, bading?

“Hoy! Ang kapal ng mukha mo para—” Naputol ang pagrereklamo niya nang lamunin ng isang putok ng baril ang kanyang pagmamarakulyo.

Natutop niya ang bibig. Mas nakakatakot pala ang putok ng baril kaysa sa kaalamang gagahasain siya ng guwapong mama sa harap niya. Sa baril kasi, walang brighter side. Sige nga, ano ang i-e-enjoy niya kapag natamaan na siya ng bala?

Nanginginig ang kamay na napahawak siya sa kanyang dibdib.

“I don’t wanna die a virgin!” bigla niyang sigaw.

“Ikaw pala itong *over acting*. Unang-una, hindi ka kagandahan at ubod ng sexy. Pangalawa, hindi ka na...” Tinapunan siya nito ng isang nanunuyang tingin. “...mukhang virgin.” He smirked sexily.

“How dare you! Kahit rape-in mo pa ako ngayon,

mapapatunayan ko sa 'yong..." Napipilan siya nang mapansin ang pagngisi nito. Namumula ang mukhang umatras siya palayo.

Damn!

"At pangatlo, kahit gustong-gusto na kitang barilin sa kaartehan mo ay hindi pa rin puwede dahil hindi para sa 'yo ang shot ng tranquilizer gun ko," patuloy nito at walang sabi-sabing nilagpasan siya upang bistahan ang kabayong nasa likuran niya.

Na noon lang niya nakita.

"W-why did you shoot that beast? Lagot ka sa kaluluwa ng Lolo Roman ko! Alam mo bang mas minahal pa niya ang buhay ng mga kabayo kaysa sa sarili niya? He made this place for those horses! Walang lugar ang animal cruelty dito. Lola Auring must know about this. Ipapakulong ka n'un, sigurado!" She pouted.

Bakit ba kung balewalain siya nito ay ganoon na lang? Hindi ba nito alam na hindi pa siya nakakaranas ni minsan na hindi man lang tapunan ng humahangang tingin? This was not the right treatment for a De Calibre heiress!

"Kung umatras ka pa kanina, ewan ko lang kung may magtangka pang gahasain ka. Siguradong

makikipagpalit ka ng mukha sa sapatos nitong si Blazer. Sa pagwawala nito kanina, lahat ng makita niyang gumagalaw ay kalaban.”

Nakita niyang pinulsuhan nito ang nakatulog na kabayo. Pagkunwa’y inilabas nito ang cellphone at nag-dial.

“Nakuha ko na si Blazer, fifteenth tree and third post ang location namin. Dalian ninyo, dalawang oras lang ang bisa ng gamot na itinurok ko.”

Naibalik na nito ang cellphone sa bulsa ngunit hindi pa rin siya makapag-react sa nangyari. Kung hindi pa nito iniabot sa kanya ang kanyang sapatos ay baka hindi pa siya natauhan.

Gamot? Tranquilizer gun? So, he was not really going to shoot her? Kaya lang siya nito inambahan ng baril kanina ay upang iligtas siya?

Kulang na lang ay maghukay siya ng butas sa lupa at kusang ibaon ang sarili.

This is so embarrassing!

“Ito ang napapala ng mga taong matitigas ang ulo. Didn’t the guards tell you to wait for me at the mango tree? Bakit ka pakalat-kalat dito? Kung hindi pa ako nasilaw sa pulang buhok mo ay baka hindi ko

naisalba ang buhay mo.”

“At bakit kita hihintay—”

“You know what? You don’t look cute at all whenever you talk quick and then stop because you realized you were actually saying something stupid.”

Sumusobra na ang damuhong ’to, ah!

Kanina pa siya nito binabara.

Naniningkit ang matang binalingan niya ito. “Hindi mo siguro ako kilala. At mukhang hindi mo rin alam na kaya kitang ipatanggal sa trabaho dahil sa amin ang buong lupaing ito,” nanggigigil na banta niya.

“At hindi ka rin mayabang. Sabagay, sa hitsura mo pa lang, mayabang na mayabang na ang dating.” Nakangiwing binistahan nito ang red hair niya.

“How dare you? Tantanan mo ang pulang buhok ko!” Inis na iniwan niya ang nakakaasar na lalaki.

“Bakit ba kasi ako pa ang nautusang sumundo sa pasaway na ito?” narinig niyang reklamo nito bago sumunod sa kanya.

“Ano’ng binubulong-bulong mo?” Hinarap niya ito.

“Halika na.”

“Bakit, saan mo ako dadalhin?”

“Saan ba sa tingin mo?”

“Sa impyerno? Doon nakatira ang mga gaya mong demonyo, di ba?” pang-iinis niya.

“Wrong. Sa purgatoryo. Dahil kahit sa impyerno ay hindi tatanggapin ang kaluluwa mo. Hindi matatahimik si Satanas sa kadaldalan mo.”

“Buwisit ka!”

“Halika na.” Tinangka siya nitong hawakan sa braso ngunit pumiksi siya.

“Huwag mo akong hawakan! Hindi ako sasama sa 'yo!”

“Sigurado ka?”

“W-what?”

“Tinatanong ko kung sigurado ka. Puwede kitang iwan dito kung iyon talaga ang gusto mo. Pabor sa akin iyon dahil hindi na mahihirapan si Thanks sa pagbubuhay sa 'yo.” He patted his horse's head.

“Eww! Ang korni ng pangalan ng kabayo mo.”

“So, paano? Maiwan na kita dito. See you at the

First Mansion. Like, after three hours?”

“I-iiwan mo talaga ako dito?” Natilihan siya nang makitang mabilis itong sumampa sa kabayo. Ilang sandali pa ay matulin na nitong pinasibad iyon palayo. Naiwan siyang nagpupuyos sa galit na humahabol dito. “Ipapa-salvage kita sa mga kapatid ko!”

2

“Kumusta na po ang pakiramdam n’yo, Señorita?” masuyong tanong ni Aling Dina, ang mayordoma nila.

Nasa veranda sila, ang paborito niyang lugar sa *Mansion de Uno*. She could see everything from up there. Kitang-kita niya ang hugis tatsulok na daan na nagdurugtong sa tatlong mansion. Ramdam niya roon ang malamig na hangin na nagpapanginig sa kanya. *Presko*. Wala niyon sa Maynila.

“Heto, nanggigigil pa rin sa galit. Ipapa-salvage ko talaga ang lalaking iyon!” Napapikit siya nang mariin nang maramdaman ang pamilyar na sakit.

Halos mapuno ng paltos at sugat ang makinis niyang mga paa. All because of that brute! Sukat ba namang iwan talaga siya nito? Kung hindi pa siya nakita ng isa sa mga tauhan nila ay baka kinaumagahan pa siya nakarating sa mansion. Iyon ay kung kakayanin niyang maglakad nang ganoon katagal.

“Naku, Señorita, pagpasensyahan n’yo na po si Doc Robin, kailangan din po kasi talaga niyang puntahan agad ang mga nagwawalang kabayo. Siya

lang po kasi ang puwedeng magligtas sa mga iyon,” singit ni Crisel, ang dakilang maid nila na wala na yatang ginawa kundi ang ibida ang Dr. Robin na iyon sa kanya. Kasalukuyan nitong minamasahe ang isa niyang binti.

Ngani-nganing batukan niya ang katulong. Kumikinang pa ang mga mata nito habang binabanggit ang kasuklam-suklam na pangalan ng lalaking iyon.

“Ano siya, si Superman? Lahat kaya niyang iligtas?” Hindi niya matanggap na maging siya ay iniligtas nito. Ayaw niyang magkaroon ng kahit na anong koneksyon sa lalaking iyon. At mas lalong ayaw niyang magkaroon ng utang na loob dito. *Por favor!*

“Pero siya po talaga ang itinuturing na Superman ng *Mansion de Uno*, Señorita! Lahat po ng tao dito, kahit po iyong mga taga-labas, siya ang takbuhan. Hindi lang po kasi siya mabait at magaling na doktor, napakaguwapo pa!”

“Eh, kung sabunutan kaya kita ngayon din? Huwag ka ngang kikiligin sa harap ko. Lalo na kung iyong lalaking iyon ang dahilan!” she screeched.

“S-sorry po,” nakayukong sagot nito.

“Magnasa ka na lang sa iba, huwag sa impaktong

iyon,” aniya sa mababang boses. “Sige na. Okay na ’ko. Salamat,” taboy niya rito. “Siya nga pala, may mga nadala akong hindi ko type na mga damit. Tingnan mo at baka may magustuhan ka. Katukin mo na lang ako mamaya bago tayo matulog.”

Pampalubag-loob. Bakit kasi nagsungit siya?

Sa narinig ay biglang nagliwanag ang mukha nito. Matapos magpasalamat ay masayang iniwan na siya nito upang bumalik sa kusina. Napailing siya.

“Kumusta na ang pasaway kong apo?”

Isang nakangiting Lola Auring ang tumambad sa kanya. Hapon na pero mukhang fresh na fresh pa rin ito. Hindi na talaga kumupas ang kagandahan ng abuela niya.

“Good afternoon, ’La!” Pinilit niyang tumayo upang makipagbeso rito.

“I heard the news. Muntik ka daw makipagpalitan ng mukha sa sapatos ni Blazer?” anito sa malamig na boses.

Napasimangot siya. Mukhang naunahan na siya ng Robin na iyon sa pagsusumbong.

“Yeah, at nagawa akong iwan ng dakila ninyong betertiaryo sa daan kaya nagkabitak-bitak ang

mga paa ko ngayon. Look, o, halos hindi na ako makalakad.”

“Matigas kasi ang ulo mo. When will you grow up, my dear Lizzy?” Nagkalambong ang mga mata ng matanda. Marahan itong umupo sa tabi niya at hinaplos ang kanyang kamay bago iyon ikinulong sa sarili nitong palad at pinisil.

Lizzy. Parang hinaplos ng mainit na kamay ang kanyang puso. She missed her lola. Kahit na halos araw-araw siya kung pagalitan nito noon, at the end of the day ay okay na muli sila. Her lola used to say that Lizzy would be the next queen of the First Mansion. Siya raw ang papalit dito.

Wala sana siyang tutol doon. Kaya lang ay gusto rin niyang maranasan ang ibang bagay. Sa Maynila ay hindi siya prinsesa, hindi siya señorita. Isa lamang siyang ordinaryong tao na nagagawa ang mga nais niya.

She was free. Labing walong taon siyang nanirahan sa mansion, pero ngayon lamang niya nadama ang tunay na kalayaan. She believed that in time, she would find the very thing she had been looking for. At nararamdaman niyang malapit na ang araw na iyon.

Naging masaya siya sa kanyang soul searching kahit malayo sa mansion. Pero hindi ang kanyang lola. The old woman hated her for leaving their mansions. Binigo niya ito. Kaya sa araw-araw na ginawa ng Diyos ay hindi na siya tinantanan ng sermon nito. Kahit nasa Bicol ito ay nagagawa pa rin nitong maniobrahin ang buhay niya.

At ngayon nga, isang ultimatum ang ibinigay nito sa kanya. Ipapakasal daw siya nito kung di niya ito dadalawin. She sighed. Iyon ang dapat niyang ayusin.

“Lola, di mo man lang ba ako na-miss?”

“Ikaw ang hindi na nakakaalala! Ni hindi mo na ako magawang dalawin dito. Hindi ka pa pupunta rito kung hindi ko pa sinabing ipapakasal kita,” nagtatampong saad nito.

“Hindi sa gan'on, Lola. I was just busy.”

“Busy saan? Sa paglalagalag mo? Hoy, Liezel De Calibre, alam ko ang mga pinaggagawa mo sa Maynila. Kelan ka ba matatauhang ipinanganak ka para humalili sa akin sa pamamahala ng *De Calibre Mansions?*”

“Lola, pagtatalunan na naman ba natin ito?” Bahagya siyang lumayo rito at napasimangot.

“Mamili ka, mananatili ka rito o ipakakasal kita sa anak ng kaibigan ko?” pagbabanta nito.

She gasped. “You can’t do that.”

“Then you’re going to marry the man I’ve chosen to be your husband,” pinal na saad nito bago tumayo at iniwan siyang nakanganga at hindi makapaniwala.

“This is crazy. She is crazy. And I am going crazy!” she screamed. Di pa natuwa at ipinagpapadyak niya ang mga paa upang mapangiwi lamang dahil muling sumakit ang mga paltos niya.

Muli ay isang inis na sigaw ang pinakawalan niya.

“Tay, kausapin mo si Lola. She can’t be serious! Ipapakasal daw niya ako sa anak ng kaibigan niya. I’m too young to marry,” himutok ni Liezel sa ama na kausap sa telepono.

“Too young? You’re almost twenty-nine for crying out loud!” halos sigaw nito.

“Tay, age isn’t the issue here. Huwag mo nang dagdagan ang inis ko sa pagpapaalala sa akin kung gaano na kayo katanda ni Mommy.” She heard his impatient sigh.

“Wala akong magagawa. You know my mother, walang puwedeng kumontra diyan. Not even her only son.”

“Eh, ano’ng gusto ninyong gawin ko ’Tay? Sumunod sa mga kapritso ni Lola?” pigil ang inis na untag niya.

“Watch your mouth, young lady. Hindi ko kailanman papayagan ang sinuman na kwestyunin ng ganyan ang aking ina,” maigting na babala nito. “I know she has a plan. And it’s for your own good. Trust her.”

“Pero, ’Tay...”

“I’m sorry, Hija, pero wala na tayong magagawa kundi ang sumunod sa kanya.”

Pagkatapos makarinig ng busy tone ay padarag siyang humilata sa kanyang kama. *This is not happening.* Tulalang napatitig siya sa kisame. Hindi pa niya nahahanap ang bagay na magpapasaya sa kanya. Kaya hindi pa siya puwedeng magpakasal at magpatali. Natigil siya sa pag-e-emote nang biglang mag-ring ang kanyang cellphone. Nababagot na sinagot niya iyon.

“Heeyah, Sistah! I heard the news. Congratulations! Sino sa amin ni Cad ang gagawin mong maid of

honor?”

Narinig niya ang hagikgikan sa kabilang linya. Kusang naningkit ang kanyang mga mata. Napagulong siya sa kama.

“Pasalamat ka, Elise Xandria, at wala ka sa harap ko ngayon kung di nakipagpalit ka na ng mukha sa kamao ko.”

“Easy, Sis. Kakampi ako. Hindi ka na mabiro.”

“Puwes, tigilan mo ang pagtawa dahil talagang naiinis na ako! Dammit, Ex, you don’t know how I feel right now.” She sighed.

“I know, Sis, kaya nga to the rescue agad kami ni Cadberritas, eh. May suggestion ang bruha nating *kafatid*, you know.” Hagikgikan uli sa kabilang linya. “Ahem.” Umubo-ubo ito na tila ba naghahanda para sa isang song number. “First of all, I would like to—”

“Oh, come on, Cadbury De Calibre! Wala akong panahon sa mga kakornihan mo. Nahawa ka na naman kay Ex. Just spill it out,” aniya.

Natatawang dumapa at nangalumbaba siya sa kama, nakangiting ibinaba ang telepono matapos ilagay iyon sa loud speaker mode. How she missed her sisters. Naka-call conference na naman sila. Si

Ex ay nasa New York, nag-aaral doon ng Journalism samantalang si Cad ay nasa London. Pangarap nitong maging professional lady pilot.

“Okay, iisa lang ang alam naming paraan para makalusot ka sa problema mong iyan,” ani Cadbury.

“At ano iyon?” interesadong tanong niya.

“Sundin mo si Lola,” nagduweto pang sagot ng dalawa. Kusang dumulas ang kamay niya mula sa kanyang baba dahilang upang mapasubsob siya sa kama. Sinasabi na nga ba at wala siyang mapapala sa dalawa.

“Sorry, Sis, pero binantaan kami ni Lola na kapag tinulungan ka namin ay puputulin niya ang sustento namin at pauwiin kami diyan sa Pilipinas,” ani Cadbury.

“Nakakainis na talaga si Lola!”

“Hayaan mo, susubukan ulit naming kausapin siya. Basta, for the meantime sundin mo muna si Lola dahil mukhang gagawin niya talaga ang ultimatum niya sa 'yo. You know her, kahit si Lolo Benedicto na dating gobernador ay walang nagawa sa kanya,” payo ni Ex.

“Okay. Thanks for the call, Ex. Talagang tinawagan

mo pa ako para i-comfort. Mabuti at hindi ka inatake ng kakuriputan mo ngayon,” biro niya.

“Ah, iyon ba? Okay lang, naka-collect call ako sa account mo, eh.” Pagkatapos makarinig ng hagalpakan ay biglang nag-busy tone.

Natatawang napailing na lang siya. Lagi na lang siyang naiisahan ng kuripot niyang kapatid. Napaismid siya. Bukas ay kakausapin niya ulit ang kanyang lola.

3

“Saan ka pupunta?”

Napatigil siya sa paglalakad nang marinig ang tanong na iyon ng kanyang Lola Auring. Kasalukuyan itong nagbabasa ng diyaryo sa hardin at nagkakape nang malingunan siyang naglalakad palabas ng mansion.

“Mamamasyal lang po.”

“Bakit ganyan ang ayos mo?” Tumaas ang kilay nito.

“Bakit, ano ho ba ang mali sa ayos ko?” Walang kiyeme na ipinangalandakan pa niya ang suot na pulang fitted jeans, pulang tank-top na sobrang hapit at pulang boots. Hinawi niya ang nangingintab na pulang buhok. Dark red din ang kulay ng mga kuko niya sa kamay.

Naniningkit ang mga matang sumilip ito mula sa hawak na diyaryo at, “Para kang naglalakad na apoy sa hitsura mo, alam mo ba iyon? Napakasakit mo sa mata!”

“Exactly, para akong naglalakad na apoy. Dahil

napaka-hot ko talaga, Lola,” nakangisi niyang sabi.

“I know what you’re doing. Pero sinasabi ko na sa iyo, hindi mo kayang isahan si Aurora De Calibre. Kahit pakulayan mo pa ng pula ang balat mo ay matitiis ko. Silly red agenda,” the old woman muttered. Muli nitong ibinalik ang atensyon sa pagbabasa.

“Sige po, alis muna ako.” Napaismid siya. *Miss Minchin na Miss Minchin ang dating. Makakaisip din ako ng paraan para makatakas dito. Sa ngayon, maumay muna kayo sa pinaka-hate n’yong kulay.* Napangisi siya.

Mabilis na nagmartsa siya palabas ng *Mansion de Uno*. Naisipan niyang tingnan ang mga kabayo sa *Rancho De Calibre*. Katabi lang iyon ng mansion kaya ilang hakbang lang ay mararating na niya iyon. Nami-miss na rin niyang sakyan si Britney—ang kanyang American saddle horse na iniregalo pa ng kanyang Tatay Shan noong labing-isang taong gulang siya. Sa kanilang magkakapatid, siya ang pinakamahilig sa kabayo.

“Out of the way! Tabi!”

Isang nakakabinging halinghing ng kabayo ang nagpamulagat sa kanya. Inihit siya ng ubo

nang masabugan ng alikabok ang bagong hiamos niyang mukha. Nanginginig na binalingan niya ang sumisigaw kanina para patabihin siya.

“Dammit, Lady, kailan mo ba maiisip na sa gilid dapat dumaan? This is a horse terrain for goodness’ sake, not some kind of a park! Doon ka na lang sa mansion ninyo mag-day dreaming.” Madilim ang mukha ni Robin habang sinisermunan siya.

Sakay ng itim na kabayo ay pumihit ito paharap sa kanya. Naghanda siya ng mala-Hitler na banat sa kaantipatikuhan nito. Pero sa hindi niya malamang dahilan ay bigla siyang natulala rito. Paanong ang guwapong lalaki kahapon ay lalo yatang gumuwapo ngayon? Mukha itong cowboy. A very hot and handsome cowboy.

Biglang naumid ang dila niya. Dapat ay awayin niya ito, sipain o kaya ay suntukin. Siya nga itong muntik nang madisgrasya, siya pa ang nasigawan? Hah! Hindi bagay na sinasabuyan ng alikabok ang kanyang angelic face! Pero sinarili na lang niya ang pagtataray. Nakakawala ng katinuan ang tinging ipinukol nito sa kanya. Tila ba nilulunod siya sa kawalan at inaakit sa langit na walang hanggan.

Eww, ang korni mo, Liezel!

Tiningala niya ito. She made sure he knew she wasn't scared of him. But astride his Lippizzan horse, he made her feel small. And his narrowing gaze made her feel even smaller. Wala siyang nagawa kundi irapan ito at mag-iwas ng tingin.

“Sa susunod, huwag kang hahara-hara dito. Hindi *por que* sa inyo ang rancho ay puwede ka nang magsuot ng kumikinang na pula at maglakad na parang nawawala sa sarili,” patuloy nitong sermon.

“Hindi toro ang mga nandito, kaya safe pa rin ang pula. Saka bakit ka ganyan makipag-usap sa ‘kin?” Napasimangot siya at humalukip. “Amo ako rito.”

“Wala ka na kasing ginawang tama simula nang dumating ka, at hindi ikaw ang amo ko, kundi ang lola mo.”

“You're too judgmental, Mr. Cowboy. Masama 'yan sa puso at kaluluwa.” Tinalikuran niya ang kanasa-nasang nilalang sa harap niya at naglakad palayo.

“I am not. Marunong lang akong tumingin sa paligid ko. And everytime I look around ang pulang buhok mo ang nakikita ko,” narinig niyang pahabol nito.

“Baka nagagandahan ka lang sa 'kin. Don't even

think about it, hindi kita type.”

“Ni sa panaginip ay hindi ako magkakagusto sa isang tulad mo. So, don’t flatter yourself, Miss De Calibre.”

“Then why are you following me?” Tinaasan niya ito ng kilay bago tumigil upang muli itong tingalain. She was five feet and seven inches tall, but this man could make her feel like a midget!

At hindi pala siya type, ha? *Sarap dukutin ng eyeballs!*

“Because I don’t want anything dreadful to happen again. Whenever you’re around, I smell trouble.” Pinatigil nito ang kabayo.

“Just leave me alone.” Kay aga-aga, naninira ng mood. Nag-inhale exhale na lang muna siya. Kailangan niyang magpa-good shot sa kanyang lola.

Hindi na ito nakasagot pa dahil biglang nag-ring ang cellphone nito. Mabilis nitong kinuha ang aparato mula sa bulsa at sinagot iyon. Sinamantala niyang abala ito sa kung sinumang kausap para tumalilis palayo.

“That was your lola, ihatid daw kita kay Britney.” Nakahabol agad ito.

“Alam ko kung nasaan si Brit, kaya don’t bother.”

“Gusto ko lang malaman mo na tanging ang lola mo ang sinusunod ko sa lupaing ito. Kaya wala kang magagawa kundi sumama sa akin.”

“At gusto kong malaman mo na kahit lola ko ay hindi ko sinusunod. Sarili ko lang ang pinapakinggan ko kaya manigas ka riyan!” nag-iinit ang ulong sagot niya.

But before she knew it, nasaklit na nito ang kanyang baywang at naisakay na siya sa kabayo. She was in front of him, trapped in his sturdy arms, his very own captive. Nahigit niya ang hininga nang biglang gumalaw ang kabayo.

“Akala ko ba marunong kang mangabayo? Why do I get the feeling that you’re suddenly frightened? You’re not scared of me, are you?” he whispered. Bahagyang humigpit ang hawak nito sa renda—drawing her closer to him.

Harujusko!

Pakiramdam niya ay binulungan siya ng kampon ng mga zombies. Literal na nagsitayuan ang buhok niya sa batok. *Putek na hininga ’yan, ang bango!* Ramdam niya ang mainit at nakaka-addict na mint-scented breath nito. Kung yelo lang siya ay siguradong

kanina pa siya natunaw sa mga bisig nito. *Diyos ko po, pigilan N'yo ako. Magagahasa ko talaga nang wala sa oras ang doktor na ito.*

“O-of course not. Walang kinatatakutan ang mga De Calibre, 'no!” kaila niya.

“Stay still. Ayaw na ayaw ni Dark ang magalaw at malikot. Mainitin ang ulo nitong isang ito. He's very impulsive and selfish at times.”

“Ba't mo nasabi 'yan?”

“Kasi, masyadong sensitive ang isang ito. Ayaw na ayaw niya ng pinakikialaman. Minsan, wala itong pakialam kahit na may sakay itong tao. Basta-basta na lang ito nagwawala.”

“T-tinatakot mo ba ako?” asik niya. Hindi niya napigilan ang mga kamay na mapahawak sa bisig nito na nasa unahan niya. Napasiksik pa siya sa dibdib nito.

He chuckled. “Bakit, natatakot ka ba?”

“H-hindi.” Pasimple niyang inayos ang sarili at lumayo nang bahagya rito. Her brain was starting to act strange. Kung anu-ano ang pumapasok sa isip niya.

“You can breathe, you know. Mamamatay ka

kapag hindi mo pinakawalan ang hangin sa dibdib mo.” His amused tone made her feel like burning. Kung libre lang ang pumatay ay malamang inihulog na niya ito sa kabayo.

Pinakawalan niya ang kanina pa niya pinipigilang paghinga. Pati iyon ay napansin nito. She could not believe that she was actually holding her breath. She winced.

“Ba’t ang dami mo yatang kabayo? Nasaan na si Thanks?” aniya sa layong mabasag ang nakakabinging katahimikan sa pagitan nila. Lalong tumindi ang panlalamig ng mga kamay niya. *Darn it!* Hindi talaga siya makahinga nang maayos. What was happening to her?

“Nagpapahinga. Napagod siya kahapon dahil sa dami ng hinabol naming nagwawalang kabayo. Hindi sa akin si Dark. Si Thanks lang talaga ang sa akin, although I can use all the horses in this ranch.”

Napipilan siya. Maliban sa panakanakang paghihigpit ng yakap nito ay wala nang namagitan pa sa kanila hanggang sa marating nila ang kuwadra. Naisip niya tuloy, mas gusto niya iyon kaysa mag-usap sila.

“Thanks!” nagawa niyang sambitin. Kitang-kita

niya ang pagkagulat sa guwapong mukha nito. “OA ka talaga kahit kailan. Marunong din akong mag-thank you, ’no!” natatawang sabi niya. “Sige, pupuntahan ko pa si Britney, mag-ingat ka na lang.” Nginitian niya ito bago ito iniwan upang kunin si Britney.

“Hi, Brit! Kumusta ka na? Na-miss mo ba ako?” Masuyo niyang hinaplos ang pinaghalong puti at itim na balat nito. Tila nakaintindi ito at humalinghing. Pakiramdam niya ay nakakausap niya talaga ang paboritong kabayo. Maingat siyang sumampa sa likod nito.

“Ingatan mo ako, ha? Huwag mo akong ihuhulog kahit na hindi ako nakasuot ng tamang horse gear. Iniinis ko lang kasi si Lola.” Mahinang sinipa niya ang tagiliran nito. Marahang naglakad ang kabayo.

Nagulat siya nang madatnan sa labas ng kuwadra sina Dark at Robin. “O, nandito ka pa?” nagtataakang tanong niya.

“Hinintay na kita, baka lang ’ka ko gusto mong may kasama kang mamasyal dito sa rancho.”

Napangiti siya. “Sabagay, mas maganda iyon. May tour guide ako. Mukhang madami na ring nagbago dito sa rancho simula n’ung umalis ako.”

“Paano, tara na?” yakag nito.

Ilang sandali pa ay magkapanabay na nilang nilalakbay ang daan paikot sa rancho. Nakaramdam siya ng kapanatagan sa tabi nito. Kahapon lang ay halos isumpa niya ito. Ano ba ang nangyari at tila biglang natunaw ang galit niya rito? Ang patunay? Heto siya ngayon at kasama ito sa pamamasyal. Ito rin ang unang beses na napangiti siya sa loob ng rancho.

And he was the reason behind that smile.

She glanced at him. Masungit pa rin ang mukha nito. Parang ang laki ng galit sa mundo. Bakit kaya ganoon ito? Nagkibit-balikat siya. Sabagay, siya man ay nagtataray din kapag ayaw niya sa isang tao o sa sitwasyon. Err, did that mean he didn't like her?

Ouch!

“Bakit ganyan ka makatingin?” tanong nito.

“Naisip ko lang, bakit bigla kang bumait sa akin? Nagawa mo pa akong i-tour dito sa rancho.”

“Napag-utusan lang ako ng lola mo.”

Napasimangot siya. “Parang ang boring ng buhay mo.” Binigyan niya ito ng ngiting aso nang biglang maningkit ang mga mata nito. “Boring naman talaga, ah. Ni hindi ka marunong ngumiti.” Hindi niya alam kung napipikon na ito o ano. Ugali pa man din niya

ang mamikon ng tao.

“Just mind your own life and spare mine.”

“Buti kung may mga friends ka dito. May nakakatagal ba diyan sa talk-to-my-hand attitude mo?”

“I either talk sensibly or don’t talk at all. Hindi ko sasayangin ang laway ko sa kakadaldal kung wala rin lang maidudulot na maganda sa akin.” Napailing ito. Iginiya siya nito sa isang makipot na daan.

Nag-peace sign na lang siya rito. “Teka, saan tayo pupunta? Ngayon ko lang yata nakita ang lugar na ito.” Nagtatakang nilingon niya ang binata. “Hiyaa!” Isang mahinang tadyak ang ibinigay niya kay Britney para sumunod sa daang tinahak ni Robin.

“Ito ang daan patungo sa *Robin’s Den*,” pagyayabang nito. Sa kauna-unahang pagkakataon ay nakita niya itong ngumiti. Nang oras ding iyon ay nalaman niya ang tunay na kahulugan ng ‘matamis na ngiti’.

“Talaga lang, ha? Sige nga, gusto kong makita kung anong klaseng den iyang sinasabi mo.” She smiled too.